# Bakuna sa Bulutong-Tubig (Varicella)
## Chickenpox (Varicella) Vaccine

**Panatilihing ligtas ang iyong anak.**
**Kunin ang lahat ng mga bakuna sa tamang oras.**

Sa pagkuha ng lahat ng mga bakuna sa tamang oras, ang iyong anak ay mapoprotektahan mula sa maraming sakit sa buong buhay.

Ang pagbabakuna ay nagligtas ng mas maraming buhay sa Canada sa nakalipas na 50 taon kaysa sa anumang iba pang panukalang pangkalusugan.

### Ano ang bakuna sa bulutong-tubig?

Ang bakuna sa bulutong-tubig ay nagpoprotekta laban sa varicella-zoster virus, ang virus na nagdudulot ng bulutong-tubig. Ang bakuna ay naglalaman ng pinahinang anyo ng virus. Inaprubahan ng Health Canada ang bakuna. Ang bakuna sa bulutong-tubig ay libre bilang bahagi ng regular na pagbabakuna. Tawagan ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan upang gumawa ng tipanan.

### Sino ang dapat magpabakuna sa bulutong-tubig?

Nakukuha ng mga bata ang bakuna sa bulutong-tubig bilang isang serye ng 2 dosis. Ang unang dosis ay ibinibigay sa edad na 12 buwan at ang pangalawang dosis ay ibinibigay sa 4 hanggang 6 na taong gulang. Para sa mga bata na nangangailangan din ng proteksyon laban sa tigdas, beke o rubella, ang pangalawang dosis ay maaaring ibigay ang bakuna na pinagsamang tigdas, beke, rubella at varicella [measles, mumps, rubella and varicella (MMRV)]. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa bakunang MMRV, tingnan ang HealthLinkBC File #14e Bakuna sa Tigdas, Beke, Rubella, at Varicella (MMRV). Nakukuha ng mga bata ang bakuna kasabay ng iba pang mga pagbabakuna sa pagkabata.

| Bakuna sa Bulutong-Tubig (Varicella) | Edad ng Bata sa Pagbabakuna |
|---|---|
| Unang dosis | 12 buwan |
| Pangalawang dosis | 4 hanggang 6 na taong gulang |

Ang mga mag-aaral sa ika-6 na baitang na hindi nakatanggap ng 2 dosis ng bakuna ay dapat ding tumanggap ng bakuna. Ang mga mag-aaral sa ika-6 na baitang na nakatanggap ng 2 dosis ng bakuna sa mas batang edad ay hindi na kailangan ng anumang dosis. Ang mga mag-aaral sa ika-6 na baitang na hindi pa nakatanggap ng bakuna ay dapat makakuha ng 2 dosis nang hindi bababa sa 3 buwan na pagitan.

Ang bakuna ay makukuha din bilang isang serye ng 2 dosis sa mga taong 13 taong gulang o mas matanda na hindi pa nabakunahan. Nakukuha nila ang pangalawang dosis 6 na linggo pagkatapos ng unang dosis.

Ang mga taong nagkaroon ng bulutong-tubig bago ang kanilang unang kaarawan ay dapat pa ding kumuha ng bakuna. Maaaring hindi sila nagkaroon ng pangmatagalang panlaban sa sakit at maaaring magkaroon muli ng bulutong-tubig. Ang mga taong nagkaroon ng bulutong-tubig o sakit na shingles sa edad na 1 taong gulang o mas matanda ay hindi kailangang magpabakuna kung:

- Nagkaroon sila ng sakit bago ang 2004 o
- Ang sakit ay nakumpirma sa pamamagitan ng isang lab test

Mahalaga na itago ang isang tala ng lahat ng mga natanggap na pagbabakuna.

### Ano ang mga benepisyo ng bakuna sa bulutong-tubig?

Ang bakuna sa bulutong-tubig ay ang pinakamahusay na paraan upang maprotektahan laban sa bulutong-tubig at mga komplikasyon nito. Kapag pinabakunahan mo ang iyong anak, nakakatulong ka ring protektahan ang iba.

Bagama't bihira, maaaring magkaroon ng bulutong-tubig ang ilang tao kahit pagkatapos ng pagbabakuna. Ang sakit ay magiging mas banayad kaysa sa kung hindi sila nabakunahan.

### Ano ang mga posibleng reaksyon pagkatapos ng bakuna?

Napakaligtas ang mga bakuna. Mas ligtas na magpabakuna kaysa makakuha ng bulutong.

Maaaring kabilang sa mga karaniwang reaksyon sa bakuna ang pagsakit, pamumula at pamamaga kung saan ibinigay ang bakuna. Ang isang banayad na lagnat at isang pantal, na mukhang bulutong-tubig ngunit may mas kaunting mga batik, ay maaaring mangyari mga 2 linggo pagkatapos ng bakuna.

Napakabihirang, ang isang tao na nagkakaroon ng pantal pagkatapos mabakunahan ay maaaring ikalat ang virus mula sa bakuna sa bulutong-tubig. Upang maiwasan ang pagkalat nito sa iba, takpan ang pantal hanggang sa matuyo at maglangib ang mga paltos.

Ang Acetaminophen (hal. Tylenol®) o ibuprofen (hal. Advil®) ay maaaring ibigay para sa lagnat o sakit. Ang ASA (hal. Aspirin®) ay hindi dapat ibigay sa sinumang wala pang 18 taong gulang dahil sa

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Reye Sindrom, tingnan ang HealthLinkBC File #84 Reye Syndrome.

Mahalagang manatili sa klinika ng 15 minuto pagkatapos makakuha ng anumang bakuna dahil may napakabihirang posibilidad, na mas mababa sa 1 sa isang milyon, ng isang nagbabanta-sa-buhay na reaksiyong alerhiya na tinatawag na anaphylaxis. Maaaring kasama dito ang mga pantal, kahirapan sa paghinga, o pamamaga ng lalamunan, dila o mga labi. Kung mangyari ang reaksyong ito, nakahanda ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na gamutin ito. Kasama sa paggamot sa emerhensiya ang pangangasiwa ng epinephrine (adrenaline) at paglipat sa pinakamalapit na departamento ng emerhensiya sa pamamagitan ng ambulansya. Kung magkaroon ng mga sintomas pagkatapos mong umalis sa klinika, tumawag sa **9-1-1** o sa numero ng iyong lokal na emerhensiya.

Mahalaga na palaging iulat ang seryoso o hindi inaasahang mga reaksyon sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

## Sino ang hindi dapat magpabakuna sa bulutong-tubig?

Makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kung ikaw o ang iyong anak ay:

- Nagkaroon ng reaksyong nagbabanta sa buhay sa isang nakaraang dosis ng bakuna sa bulutong-tubig, o anumang bahagi ng bakuna kabilang ang neomycin o gelatin
- Magkaroon ng huminang panlaban sa sakit dahil sa sakit o medikal na paggamot
- Nagkaroon ng pagsasalin ng dugo o nakatanggap ng iba pang mga produkto ng dugo sa loob ng nakaraang 12 buwan
- May aktibong hindi ginamot na tuberkulosis
- Ay buntis o nagpaplano na magbuntis. Ang mga kababaihan ay dapat iwasan na mabuntis sa loob ng 1 buwan pagkatapos makuha ang bakuna sa bulutong-tubig

Hindi na kailangang ipagpaliban ang pagpapabakuna dahil sa sipon o iba pang banayad na sakit. Gayunpaman, kung mayroon kang mga alalahanin, makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

## Ano ang bulutong-tubig?

Ang bulutong-tubig ay isang impeksyon na dulot ng varicella-zoster na virus. Ang mga virus ay madaling kumalat sa hangin kapag ang isang nahawaang tao ay umuubo o bumabahing. Maaari kang mahawa kapag nalanghap mo ang hanging ito o hinawakan ang kontaminadong ibabaw. Ang virus ay maaaring kumalat sa pamamagitan ng pagkontak sa laway ng isang nahawaang tao tulad ng pagbabahagi ng pagkain, inumin o sigarilyo, o sa pamamagitan ng paghalik. Kumakalat din ito sa pamamagitan ng pagkontak sa likido ng bulutong-tubig o paltos ng shingles.

Ang mga batang may bulutong-tubig ay maaaring magkaroon ng karaniwan na 350 mapula, makating mga paltos. Ang impeksyon sa mga bagong panganak, mga tinedyer, mga matatanda, mga buntis na kababaihan at ang mga may mahinang sistema ng panlaban sa sakit ay mas malubha.

Kabilang sa mga komplikasyon mula sa bulutong-tubig ay pulmonya (impeksyon sa baga), encephalitis (pamamaga ng utak), at mga impeksyon sa bakterya ng balat. Ang encephalitis ay maaaring humantong sa mga kombulsyon, pagkabingi o pinsala sa utak. Humigit-kumulang 1 sa 3,000 na may sapat na gulang ang mamamatay mula sa impeksyon.

Bihira, ang impeksyon sa maagang bahagi ng pagbubuntis ay maaaring magresulta sa isang sanggol na ipanganak na may mga depekto sa kapanganakan. Ito ay kilala bilang congenital varicella na sindrom. Ang mga sanggol ay maaaring magkaroon ng isang mababang timbang sa kapanganakan, mga peklat at mga problema sa kanilang mga paa, mga mata at utak. Ang bulutong-tubig ay maaari ring maging sanhi ng pagkalaglag ng sanggol o patay na kapanganakan.

Para sa ilang mga tao, ang virus ay maaaring maging aktibo muli sa huling bahagi ng buhay at magdulot ng masakit na pantal na tinatawag na shingles. Para sa karagdagang impormasyon sa bulutong-tubig, tingnan ang HealthLinkBC File #44a Mga Katotohanan Tungkol sa Bulutong-tubig. Para sa higit pang impormasyon sa shingles, tingnan ang HealthLinkBC File #111 Shingles Vaccine.

## Pahintulot ng Gumugulang na Menor de Edad

Inirerekomenda na pag-usapan ng mga magulang o mga tagapag-alaga at kanilang mga anak ang pahintulot para sa pagbabakuna. Ang mga batang wala pang 19 na taong gulang, na nakakaunawa ng mga benepisyo at mga posibleng reaksyon para sa bawat bakuna at panganib sa hindi pagkuha ng bakuna, ay maaaring legal na pumayag o tumanggi sa mga pagbabakuna. Para sa higit pang impormasyon sa pahintulot ng gumugulang na menor de edad tingnan ang HealthLinkBC File #119 Ang Batas sa mga Sanggol, Pahintulot ng Gumugulang na Menor de Edad at Pagbabakuna.

Para sa karagdagang impormasyon sa mga pagbabakuna, bisitahin ang ImmunizeBC sa https://immunizebc.ca.

BRITISH COLUMBIA | ImmunizeBC | BC Centre for Disease Control, Provincial Health Services Authority